
Mababago ang mga halaga ng babayaran para sa proseso sa Imigrasyon simula Oktubre 1, 2026!



Mula sa homepage ng Imigration Services Agency

Simula Oktubre 1, 2026 ang halaga ng babayaran para pagpapalit ng residence status at extension ng period of stay ay mababago.

Subalit, kung nag aplay hanggang Setyembre 30, 2026 at naaprubahan man pagkaraan ng Oktubre 1, ay magbabayad ng dating halaga.

Pagbabago ng halaga para sa Pagpalit ng Residence Status・Extension ng Period of Stay

Bago Mabago	Sa Tanggapan	Online
	6,000 yen	5,500 yen

Pagkabago (Magkaiba ang halaga ayon sa haba ng period of stay at paraan ng aplikasyon)

Period of stay	Sa Tanggapan	Online
3 Buwan pababa	10,000 yen	10,000 yen
lagpas 3 buwan/ 6 na buwan pababa	18,000 yen	15,000 yen
lagpas 6 na buwan/ 1 taon pababa	25,000 yen	21,000 yen
1 taon	33,000 yen	27,000 yen

Period of stay	Sa Tanggapan	Online
Lagpas 1 taon/ 3 taon pababa	48,000 yen	42,000 yen
Lagpas 3 taon/ 5 taon pababa	64,000 yen	56,000 yen
Lagpas 5 taon	75,000 yen	65,000 yen

Kung mag a aplay online, kailangang magbayad sa convenience store o banko at hindi maaring gumamit ng revenue stamp. Pakatandaan na may mga karagdagang bayad na hindi nakasaad sa itaas

Sa Pag aplay ng Permanent Residency

Bago Mabago	10,000 yen	Pagkabago	200,000 yen

Maaari lamang mag aplay ng Permanent Residency sa tanggapan at hindi sa Online.

Sistema para sa eksemsyon o bawas sa halaga ng babayaran

Para sa mga mag aaplay ng change of residence status, extension ng period of stay o kaya ay permanent residency na mahihirapang magbayad na may angkop na dahilan at napatunayan ito ay maaaring mabigyan ng eksemsyon o bawas sa halagang babayaran.

Halimbawa： Long-term resident na tumatanggap ng suporta sa gobyerno (Refugee) at mag a aplay ng extension ng period of stay.

Para sa detalye ukol sa bawas sa halaga ng babayaran o sistema ng eksemsyon, mangyaring alamin sa HP ng Immigration Services Agency.

https://www.moj.go.jp/isa/01_00644.html